

## **Mga patnubay sa pagrehistro**

Nilalayon ng Cash Payout Scheme na hikayatin at palakasin ang lokal na pagkonsumo sa isang banda, at pagaanin ang pinansyal na paghihirap sa kabila.

### **Mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat**

Dapat sundin ng nagparehistro ang mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat para sa Scheme, hal. sa o bago ang 31 Marso 2021, edad 18 o pataas ang nagparehistro at isang permanenteng residente ng Hong Kong na may hawak na alinman sa isang balidong Hong Kong Permanent Identity Card o isang Certificate of Exemption.

### **Pagpaparehistro at Bayad**

Ang mga nagparehistro na nakumpirmang natugunan nila ang pamantayan sa pagiging karapat-dapat ay makakatanggap ng bayad. Depende sa kanilang mga indibidwal na kalagayan, maaaring magrehistro ang mga karapat-dapat na mga tao para sa Scheme sa pamamagitan ng mga bangko para sa direktang paglipat sa bangko ng kanilang lokal na Hong Kong dollar na solong-pangalan na savings/current na account sa bangko o sa Hongkong Post para sa tseke na bayad mula sa 21 ng Hunyo 2020 hanggang sa 31 ng Disyembre 2021.

### **Mga channel pagpaparehistro**

Maaaring magsumite ng nakumpletong rehistro ang mga nagparehistro sa pamamagitan ng sumusunod na mga channel—

#### ***Bangko***

##### Electronic registration

1. serbisyong e-banking o ang website ng partikular na bangko, kung mayroon.

##### Paper form

1. sa pamamagitan ng drop-box sa partikular na bangko; o
2. sa isang sobre na may nakalagay na pangalan ng partikular na bangko, at naka-address sa “GPO BOX 182020, Hong Kong”. Hindi kinakailangang idikit ang mga stamp sa sobre kung nai-post sa Hong Kong.

Ang bayad ay idideposito sa account sa bangko ng nagparehistro

#### ***Hongkong Post***

##### Paper form (mayroon ding e-form)

1. sa pamamagitan ng drop-box saanmang post office; o
2. Sa isang sobre nan aka-address sa “GPO BOX 182020, Hong Kong”. Hindi kinakailangan na i-affix ang mga stamp sa sobre kung nai-post sa Hong Kong.

Ang matagumpay na mga nagparehistro ay aabisuhan na kolektahin ang tseke sa isang partikular na post office sa pamamagitan ng post o SMS.

#### **Timetable**

Maaaring magparehistro ayon sa mga batch sa sumusunod na iskedyul -

	<b>Taon ng Kapanganakan</b>	<b>Pagpaparehistro</b>	<b>Pagbabayad</b>
<b>Electronic registration (Mga Bangko)</b>	<i>Walang pag-aayos ng batch ngunit ang mga nagparehistro sa unang dalawang linggo ay maaaring makatanggap ng pagbabayad nang sabay</i>	Mula 21 ng Hunyo 2020	Mula 6 ng Hulyo 2020
<b>Paper form (Mga Bangko at Hong Kong Post)</b>	Ipinanganak noong 1955 o bago ang	Mula 21 ng Hunyo 2020	Mula 15 ng Hulyo 2020
	Ipinanganak noong 1956-1970	Mula 5 ng Hulyo 2020	Mula 29 ng Hulyo 2020
	Ipinanganak noong 1971-2002	Mula 19 ng Hulyo 2020	Mula 12 ng Agosto 2020

### **Mga Katanungan**

Para sa serbisyong interpretasyon, tumawag sa CHEER.